Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagtukoy ng kaantasan ng pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uri na may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

1. PH Si Danny ay kasinghusay ni Danilo sa paglalaro ng basketbol.
2. PS Si Jasmin ang pinakamatalinong mag-aaral sa klase ni Binibining Mateo.
3. PS Napakasarap ng amoy mula sa kusina ni Pepita.
4. L Ayon sa PAG-ASA, malakas ang bagyong tatama sa hilagang bahagi ng Luzon.
5. PS Walang gusto makipagkaibigan sa kanya dahil ubod ng sama ng kanyang ugali.
6. PH Mas matangkad sa iyo ang kuya mo nang tatlong pulgada.
7. PS Iyan ang pinakamataas na gusali sa Lungsod ng Makati.
8. PH Ang ani natin ngayon ay mas malaki kaysa sa nakaraang taon.
9. L Ang bahay ni Ginong Alfonso ay malayo sa simbahan.
10. PS Gulat na gulat si Rosie sa balita ni Tita Meldy.
11. L Hindi pa tayo pwedeng magsimula dahil hindi pa buo ang pangkat natin.
12. PH Higit na mabalahibo ang asong Labrador kaysa Doberman.
13. PH Magsingtanda ang magkaibigan na sina Jose at Dodong.
14. PS Ang karanasan ni Nida ay lubhang nakalulungkot.
15. PS Kay haba ng pila sa ATM ng bangko!
16. L Sabi nila masigla ang pagdiriwang ninyo kagabi.
17. PS Napapaiyak na si Lilia dahil masakit na masakit daw ang tiyan niya.
18. L Malamig na tubig ba ang gusto mong inumin?
19. PH Ang sasabihin ko ay di-gaanong mahalaga tulad ng mensahe ni Joaquin.
20. L Dagdagan mo ng asukal ang kape mo dahil ito ay matabang.